



Mga Kabataan

NOTES

Dotted lines for writing notes.

WARM-UP

- Alalahanin ang isang kwento na ipinasa sa iyo ng iyong lolo o lola o kahit sinong nakatatandang miyembro pamilya mo. Ibahagi ang kwento.
- Kaninong halimbawa ang kasalukuyang ginagaya ng mga kabataan? Bakit nila siya ginagaya?
- Sa iyong pamilya o kultura, ano ang nagiging tanda ng pagdadalaga o pagbibinata ng isang bata? Sa palagay mo, bakit ito mahalaga?

WORD

Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman dahil sa kabataan mo. Sa halip, maging halimbawa ka sa mga mananampalataya sa iyong pananalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya, at malinis na pamumuhay. 1 TIMOTEO 4:12

Ang simbahan ay hindi lumago dahil lamang sa isang henerasyon na nakakilala o sumunod sa Diyos. Bagkus, dahil ito sa isang henerasyon na nagpasa ng ebanghelyo sa sumunod na henerasyon. Nakita natin ito sa buhay ni Pablo at Timoteo. Sa araling ito, ating tignan kung ano ang kahalagahan ng mga kabataan – sa pananaw ng Diyos, sa pananaw ng naunang henerasyon, at sa pananaw ng susunod na henerasyon.

1

Pinahahalagahan ng Diyos ang susunod na henerasyon.

Ang bawat salinlahi ay magsasabi sa susunod na salinlahi tungkol sa inyong makapangyarihang gawa. MGA SALMO 145:5

Simula sa umpisa, ang Diyos ay kumikilos na sa bawat henerasyon at pinahahalagahan Niya ang mga susunod na henerasyon. Sinasabi sa Bibliya na dapat purihin ng isang henerasyon sa susunod na henerasyon ang lahat ng ginawa ng Diyos. Ito ang modelo na itinakda Niya. Paano inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili kay Isaac (Genesis 26:24)?

.....

.....

.....

.....

2

Ang mga naunang henerasyon ay dapat na humahamon at naniniwala sa mga sumusunod na henerasyon.

Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman dahil sa kabataan mo . . .

1 TIMOTEO 4:12

Si Pablo ay naniwala kay Timoteo. Inihanda niya si Timoteo upang matupad niya ang plano ng Diyos sa kanyang buhay. Hindi niya dapat payagan ang sinuman na hamakin sya dahil sa kanyang kabataan. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng paghamak sa kabataan ng isang indibidwal? Bakit hindi dapat maging mababa ang ating tingin o mawala ang ating pasensya sa mga kabataan?

3

Ang susunod na henerasyon ay dapat magsilbing maka-Diyos na halimbawa.

Sa halip, maging halimbawa ka sa mga mananampalataya sa iyong pananalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya, at malinis na pamumuhay. 1 TIMOTEO 4:12

Kahit gaano pa kabata ang nasa susunod na henerasyon, dapat na silang maging isang maka-Diyos na halimbawa, at maging ang naunang henerasyon ay maaaring sumunod sa kanila. Sa pagkilala ng susunod na henerasyon sa Diyos at sa kanilang pagbabago, ang mga kabataang ito ay makapagtataguyod ng isang maka-Diyos na pamantayan sa pananalita at kilos, pagmamahal, pananampalataya, at kabanalan. Paano ka naging isang halimbawa para sa mas nakatatanda sa iyo?

APPLICATION

- Paano mo nakikita ang mga susunod na henerasyon? Sa linggong ito, paano mo sila magagawang makita ayon sa kung paano sila nakikita ng Diyos?
- Ano ang bahaging maaari mong gampanan sa pagpasa ng “baton” ng ebanghelyo? Sino ang maaari mong tulungan na sumunod kay Jesus?
- Paano mo magagawang maging isang maka-Diyos na halimbawa? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin sa ibang pamamaraan?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang katapatan sa lahat ng henerasyon. Magbigkas ng pagpapala sa lahat ng henerasyon (pisikal o espirituwal) na susunod sa iyo saan ka man naroon.
- Ipanalangin na magagawa mo ang iyong bahagi sa paghahanda sa susunod na henerasyon, upang kanilang masunod ang plano ng Diyos sa kanilang buhay. Hingin sa Diyos ang karunungan, pangtustos, at pagpapala.
- Hilingin sa Diyos na pagpapalain ang susunod na henerasyon ng Kanyang presensya, katapangan, at pananampalataya. Ipanalangin na sila ay magiging mas mabuti pang henerasyon kaysa sa mga nauna sa kanila.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph